

# 1

2012...

Ito ang taon na pinaniniwalaan ng maraming tao na magwawakas na raw ang mundo. Isa sa mga naniniwala sa teoryang ito si Louise. Kaya ngayon pa lang, gumawa na siya ng wish list na gusto niyang ma-accomplish bago man lamang magunaw ang daigdig.

Nagtatrabaho siya bilang head artist sa isang pagawaan ng mga hand-painted calendars. Bago nagtapos ang nakaraang taon, maraming customers ang nagpasadya sa kanila ng mga kalendaryo kaya napagod siya nang husto sa rami ng mga pininta na disenyo.

It was the third week of January. Louise was now on board a bus heading to Pagudpud for a much needed vacation after her on-call job late last year. Pinayagan siya ng may-ari ng calendar manufacturer na siya ay magbakasyon ng isang linggo.

Ang pagpunta sa bayang ito sa Ilocos Norte ang isa sa mga nakasaad sa wish list niya na mabibigyan na niya ng katuparan. Kung totoo mang magugunaw na ang mundo ngayong taon, tamang-tama ang lugar

## *Hanggang Wakas - Angela Pangilinan*

---

na pupuntahan niya. Kung titingnan sa mapa, ang Pagudpud ang pinakadulong probinsya sa hilaga ng isla ng Luzon.

Biglang napagawi ang tingin niya sa aisle ng bus at sakto namang papalakad ang isang lalaki roon na marahil ay papunta sa upuan nito.

Napatingin din ito sa kanya at saglit na napahinto sa paglalakad.

There was something attractive about this man. He was wearing a brown vest, white deep V-necked shirt, khaki shorts, and a backpack hung on his back... a typical summer adventure outfit na lalong nagpatingkad sa angking kakisigan nito. Sa nipis ng tela ng shirt ng lalaki, halata ang mga muscles nito sa braso.

Nginitian siya nito at nagpatuloy na sa paglalakad at naupo sa pinakalikod na upuan ng bus. Nang umandar na ang sasakyan at umalis ng terminal saktong alas ocho ng gabi, iwinaksi na niya sa isipan ang lalaki at na-excite sa pupuntahang lugar.

Alas seis ng umaga kinabukasan nang nakarating ng Laoag ang bus na sinakyan ni Louise. Bumaba siya at muling sumakay sa isang nag-aabang na mini-bus na magdadala sa kanya sa Pagudpud.

Mahigit isa at kalahating oras ang biyahe mula Laoag hanggang Pagudpud. Nang matanaw na niya ang welcome arch ng nabanggit na coastal town, napuno ng pagkasabik ang kanyang puso. Pagudpud is dubbed as ‘The Boracay of the North’ because of its scenic white sand beaches.

Sure enough, when she looked to the left side of the road, she saw the majestic, panoramic view of a vast clear, blue ocean with series of tidal waves hitting against the sparkling, white sand. She knew that this deep blue, postcard image sea was known locally as *Maira-ira Beach*. At dahil na rin sa sobrang asul ng kulay ng dagat na ito, nakagawian na rin itong tawaging *Blue Lagoon*.

She opened the window and inhaled the sea breeze coupled with the scent of coconut trees that were abundant along the way. At last, she arrived in Pagudpud.

Nag-check in siya sa *Janna’s Beach Resort* na nakita niya sa Internet. Ito lamang ang resort na makikita sa mismong tapat ng *Blue Lagoon*. May kamahalan ang bayad pero wala siyang pakialam. Kung magugunaw na rin lamang ang mundo ay lulubus-lubusin na niya ang paggastos. She would spoil herself in this vacation.

## *Hanggang Wakas - Angela Pangilinan*

---

Mula sa kanyang travelling bag, kinuha niya ang isang conservative yet sexy black one-piece swimwear. Isinuot niya iyon at tiningnan ang sarili sa salamin ng silid. Hindi man siya kasing-sexy ng mga modelong nakikita niya sa TV o magazine ay hindi rin naman siya mataba. She had nice curves. The swimwear also accentuated her breasts.

Nagtapis siya ng shawl sa kanyang baywang at nagmadaling lumabas ng kuwarto niya papuntang dalampasigan. Nang makatapak sa white sand beach, tinanggal na niya ang tapis at buong pagkasabik na tumakbo papalapit sa dagat.

Pagkalusong niya sa tubig, sunud-sunod na matataas at malalakas na alon ang humampas sa buo niyang katawan. Nakalangoy na siya sa ibang dagat, ngunit ang alon ng mga ito ay hindi matataas at hindi malalakas katulad ng mga alon na iyon. She was loving the Pagudpud waves.

Umahon siya sa tubig at nahiga sa isang sunbathing bench kung saan niya ipinatong ang tapis niya kanina. Then she applied a bit of lotion on her body, put sunglasses on her eyes and laid peacefully as the sun kissed her skin.

She wanted to have peace of mind, kaya hindi siya nagsama ng kahit na sino sa bakasyon niyang

ito. She didn't want to meet anyone. She didn't even want to talk. Ang gusto lang niya ay pagmasdan at damahin ang mga alon na sinasalubong ng baybayin ng Pagudpud. She just wanted to stare at the magnificent view of the beach.

Ngunit saglit na nawala ang kanyang peace of mind nang mahagip ng mga mata niya ang isang lalaking naglalakad papunta ng dagat. Pamilyar ito sa kanya. Iyon ang guwapong estranghero na nakatinginan niya sa bus nang nagdaang araw.

Hubad-baro ito. Tama nga ang hinala niya na matipuno ang katawan nito. Lumusong sa dagat ang estranghero at nagsimulang lumangoy. Pagkatapos lumangoy, umahon na ito. Now that the man's whole body was wet, Louise found him sexier. She could not help but stare at him—with well-developed muscular arms, broad chest and six-packed abs—coming out of the water.

At palagay niya ay hindi lang siya ang babaeng tumitingin dito. Gosh, that man was simply irresistible!

Nang sumapit ang hapon kung saan hindi na nakakapaso ang araw, nagpasya siyang sumubok na mag-*Jet Ski*. Tinuruan siya ng isang instructor doon. Makalipas lang ang halos sampung minuto, alam niya na ang paggamit nito.

## *Hanggang Wakas - Angela Pangilinan*

---

She had fun zipping over the waves on her *Jet Ski*. Noong una ay mabagal ang patakbo niya, ngunit nang masanay na siya ay binilisan niya nang kaunti. Naging matapang pa siya nang salubungin niya ang isang mataas na alon.

Bigla siyang nakarinig ng isang lalaking sumisigaw sa di-kalayuan. Hinanap niya ang pinanggagalingan niyon.

“Ikaw na naman,” ani Louise sa sarili nang mamukhaan ito. The handsome stranger again.

Pasalubong sa kanya ang lalaki na nakatayo pa at nagsisisigaw na pinapaandar ang *Jet Ski*. Palagay niya ay expert na ito sa pagpapatakbo ng naturang sasakyang-pandagat.

---

Pabalik na sana si Louise sa kanyang silid nang makarinig siya ng nagtitiliang mga tao sa dagat. Napalingon siya at nakitang nakasakay ang mga ito sa isang banana boat na hinihila ng isang speedboat. Because of the enjoyment she saw on the faces of the people, napabalik siya sa dagat at pinuntahan ang station ng banana boat ride.

Dahil mag-isa lang siya, sumama na siya sa isang grupo ng magkakabarkadang teenagers. Umupo siya

## *Hanggang Wakas - Angela Pangilinan*

---

sa pinakadulo ng banana boat. Nagsimulang umandar ang speedboat na humihila sa kanilang sinasakyan. Noong una ay mabagal kaya nagmamayabang pa ang ilang teenagers na bumitaw ng hawak at itaas ang kanilang mga kamay.

Unti-unti ay bumilis ang andar ng speedboat. Mangilan-ngilan na lang sa mga teenagers ang sinusubukang bumitaw sa takot na mahulog sa dagat.

Biglang lumingon sa kanila ang nagmamaneho ng speedboat at doon napabitaw si Louise dahil sa gulat. Nahulog pa siya sa banana boat. Mabuti na lang at may suot siyang life vest kung hindi ay baka nalunod na siya.

Tumigil ang speedboat at nakita niyang tumalon ang lalaking nagmamaneho nito para sagipin siya. Nang makalapit sa kanya, hindi nga siya nagkamali nang magpasino ito. It was the handsome stranger all over again.

Nagkatinginan lang sila at hindi nag-imikan. No one initiated a conversation. Animo pareho silang ilang dahil sa madalas na pagkikita nang di-sinasadya.

“Hoy! Matagal pa ba ’yan? Inip na us!” maarteng tawag ng isa sa mga babaeng teenagers, dahilan upang parehong lumangoy pabalik si Louise at ang

lalaki sa banana boat at sa speedboat.

---

From the resort, Louise could see the famous and most-talked about wind turbines in Bangui. Ang nabanggit na lugar ay ang katabing-bayan ng Pagudpud. The next day, she rented a tourcycle, a tricycle that would bring visitors to tourist destinations of the town, to take her to the wind farm.

Maraming mga turista ang nadatnan niya nang marating niya ang pakay na lugar. Kani-kanyang kuhaan ng larawan ang mga ito. Ang iba naman ay aliw na aliw sa pagbili ng maliliit na replica ng windmills na ibinebenta ng mga tindera roon.

She was awed by the sight of the fifteen neatly lined up wind turbines circling rhythmically, bringing in gust of cold yet salty air coming from the sea nearby.

Inilabas niya ang kanyang SLR camera at naghanap ng anggulo kung saan maka-capture niya ang lahat ng windmills. Plano niya kasi itong i-paint at gawing calendar design. Nang makahanap na siya ng magandang puwesto, itinaas niya ang camera upang kuhanan ng larawan ang tanawin. But she was distracted when her camera lens captured someone



else aside from the windmills.

Ayun ulit si Mr. Handsome Stranger. Nakatayo ito at manghang nakatitig sa windmills.

Lagi na lang niya itong nakikita magmula nang magkasakay sila sa bus mula sa Manila. Palagay naman niya ay hindi siya nito sinusundan, talagang nagkakataon lang na nagkakasama sila sa isang lugar.

Itinago na niya ang camera at nagsimulang maglakad palayo ng windmills. Napadaan siya malapit sa kinatatayuan ng lalaki. At kahit hindi niya masyadong nakita, sigurado siya na binalingan siya nito ng tingin at malakas ang kutob niyang nakilalarin siya nito.

Sunod siyang inilibot ng driver ng kanyang tourcycle sa *Patapat Viaduct*, the elevated 1.2 km road winding at the foot of the *North Cordillera Mountain Range*. Naaaliw si Louise sa tuwing napapa-zigzag ang sinasakyang tourcycle sa daan na ito. Hindi niya inaasahan na along the highway ay may madadaanan silang isang waterfalls na kalaunan ay sinabi ng kanyang driver na ang tawag ay *Mabugabog Falls*.

Mayroon ding isang bukal na nakita niyang maraming mga tao ang sumasalok ng tubig. Ngunit hindi na niya naitanong sa driver kung ano

ang pangalan ng bukal na iyon at kung bakit ito sinasalukan ng tubig ng mga turista.

Bigla na lang, napatigil ang tourcycle na sinasakyan niya. Mabuti na lamang at walang dumadaan na ibang sasakyan. Hindi raw kasi masyadong dinadaan ang nasabing viaduct.

“Manong, may problema po ba?”

“Hindi ko pa masabi, Hija. Susubukan ko munang kumpunihin ang motor ko. Pasensya ka na,” paumanhin sa kanya ng driver.

Hindi naman siya nairita na na-stuck sila sa viaduct na ito dahil natuwa siya sa breathtaking view ng *Pasaleng Bay* sa kaliwa. Sayang at hindi na niya makikita ang magagandang tanawin na ito sa paggunaw ng mundo.

Upang kahit paano ay maaliw at basagin ang nakakabinging katahimikan, kinausap ni Louise ang driver na kasalukuyang kinukumpuni ang motor.

“Manong, bakit po ba ginawa ang daanan na ito?”

“Pinagawa ito ng Dating Pangulong Marcos upang ikonekta ang Laoag sa Cagayan para mapadali ang biyahe at mas lumakas pa ang kalakalan at negosyo.

Dati kasi, sa bundok ka pa dadaan para makapunta ng Cagayan mula Laoag,” kuwento ng driver na may grasa na ang mga kamay dahil sa patuloy na pagkukumpuni ng motor.

Ngunit nang makalipas ang ilang sandali, nagpaumanhin ito sa kanya at sinabing hindi nito kaagad maaayos ang motor dahil sa nag-overheat iyon at binilinan siyang mag-abang na lang ng mini-bus na mapapadaan sa viaduct. Sinasauli pa nga ng driver ang kalahati ng binayad niyang limandaang piso ngunit hindi niya tinanggap iyon.

“Sa inyo na iyan, Manong. Hindi n’yo naman inaasahan na masisiraan tayo. And besides, sulit na para sa akin kahit hanggang dito lang tayo sa viaduct nakarating,” sabi niya dahil nagpupumilit pa rin ang kausap na ibalik sa kanya ang bayad.

May dumaan na mini-bus at pinara niya iyon. Puno ng tao ang sasakyan. Mabilis niyang ini-scan ng tingin ang loob at nakakita siya ng isang bakanteng upuan sa bandang likod at kaagad siyang naupo roon.

Habang umuusad ang bus, naalala ni Louise ang sinabi sa kanya ng driver ng tourcycle na pinagkokonekta ng *Patapat Viaduct* ang Laoag at Cagayan. At ngayong nasa bakasyon siya kung kailan napapalibutn siya ng mga di-pamilyar na mukha, she

realized that all people are also connected in some form.

Naramdaman niya ang paggalaw ng katabi. She looked up and was again stunned to see the handsome stranger seated next to her.

Their accidental meetings were obviously kismet. Lagi na lang silang pinagtatagpo ng tadhana sa di nila inaasahan na mga pagkakataon.

Dahil sa madalas na nilang di-sinasadyang pagkikita, they gave up trying to ignore each other.

“Hi,” siya na ang unang bumati rito.

Nginitian siya ng lalaki na lalong nagpatingkad ng kaguwapuhan nito. The conversation between them came easily.

Nasabi niya rito na isa siyang head artist sa isang malaking pagawaan ng mga kalendaryo at nagbabakasyon matapos ang hectic schedule noong nakaraang Disyembre.

“Kaya kung tatanungin mo ako ng fun facts about sa mga petsa, name it, at kabisado ko ’yan!” pagmamalaki pa ni Louise.

“Masubukan nga,” nakangising pagpapaunlak ng lalaki habang hawak nito ang baba na wari’y nag-iisip

ng itatanong. “Since, nandito tayo sa Ilocos, kailan ipinanganak si Ferdinand Marcos?”

“September 11, 1917,” kaswal niyang sagot. “At kung itatanong mo kung kailan sila ikinasal ni Imelda Marcos, it was on May 1, 1954,” dagdag pa niya, dahilan upang mamangha ang kausap.

“Magbigay ka ng isang mahalagang event na nangyari ngayong araw na ito,” hamon nito.

“January 17 ang petsa ngayon, right?” aniya. “Two years ago on this same day, nagpakasal sina Roselle Nava at Ciara Sotto.”

Napakunot ng noo nito. “Nagpakasal? Lesbian pala sila?”

“Sira! Hindi sila nagpakasal sa isa’t isa! May kanya-kanya silang napangasawa!”

Napahagikgik ito at batid niyang aliw na aliw ito sa kanya.

“How about you? Tell me about yourself,” sabi niya.

“I’m an oncologist,” tugon nito.

Natigilan si Louise. Marahil ay akala ng lalaki na hindi niya alam ang ibig sabihin ng oncologist ay

nagpatuloy ito sa pagsasalita upang magpaliwanag.

“Oncologist is a doctor that specializes in...”

“Cancer,” siya na ang nagpatuloy.

“Yeah, that’s right. But I’m on vacation right now which is why I’m thankful. I got away from the tiring routine and stressful mood at the hospital,” masayang hayag nito.

Marami pa silang napagkuwentuhang ibang bagay at makalipas ang beinte minutos ay nakarating na sila sa *Agua Grande Picnic Park*.

The park has abundant towering coconut trees, stream of crystal clear cascading water that led to the sea. At siyempre, mayroon din itong picnic huts kung saan marami-rami ring magkakapamilya at magkakabarkada ang masayang nagsasalu-salo sa kainan at inuman.

Bumili sila ng junk foods, hotdog sandwich at isang 1.5 litre ng *Coke* upang may pagsaluhan silang pagkain.

Kinuha ni Louise ang *Piattos* at binuksan ito.

“Alam mo ba na sa Syria naimbento ang junk foods?” biglang pahayag ng lalaki.

“Really?” sambit niya. Batid niyang maraming alam na scientific facts ang kausap dahil isa itong doktor.

“Yeah. Mga Syrian ang nakaimbento ng junk foods. Naimbento nila ito habang sila’y walang ginagawa at nakaupo lang. Kaya tinawag itong ‘Sit-Syria’.”

Napalo niya ito nang bahagya dahil paniwalang-paniwala siya na matino ang sasabihin nito. Kahit doktor ito, masaya si Louise dahil kahit paano ay may pagka-quirky ito, hindi tulad ng iba na kilala niya na mga seryoso at laging subsob sa trabaho.

Pagkatapos nilang makakain ng dalawang sitsirya at makalahati ang hotdog sandwich, biglang nagtanong ang lalaki.

“Siyanga pala, ano ang pangalan mo?”

Nabigla ang dalaga. Oo nga pala! Sa dami ng napagkuwentuhan nila sa bus kanina, hindi pa pala nila alam ang pangalan ng isa’t isa.

“Louise Rae Menezes,” sabi niya.

Bumakas ang bahagyang pagkabigla sa mukha nito.

“Ano ulit?” anito kahit batid niyang narinig

naman nito ang pangalan niya.

“Louise Rae Menezes,” muli niyang sabi, this time, dahan-dahan upang lalo nitong maintindihan.

Tiningnan lang siya ng lalaki at di umimik. Nagtaka siya kaya upang mabasag ang katahimikan, nagtanong siya.

“Ano naman ang pangalan mo?”

Hindi ito sumagot. Sa halip, kinuha nito ang wallet sa bulsa ng pantalon at ipinakita sa kanya ang ID nito sa pinapasukang ospital.

At tama nga ang napagtanto ni Louise kanina. Lahat ng tao sa mundo ay may koneksyon sa isa’t isa. Napangiti siya habang tinitingnan ang ID nito.

Ang pangalan ng lalaki ay Lewis Rey Meneses.



## 2

Nang matapos mag-breakfast in bed nang umagang iyon si Louise, nagtungo siya sa dalampasigan at naupo sa reclining sunbathing bench ngunit hindi para magpaaraw. Instead, she brought her painting materials and started to paint the *Blue Lagoon* in front of her.

Pagudpud is a quiet and beautiful place. All she could hear was the splashing of waves, the gentle blowing of the wind, and the chirping of the birds. The deep blue sky and the warm sunshine backdrop against the turquoise sea water was really a wonder to the eyes of a painter like Louise.

Ngunit nagambala ang pagpipinta niya nang narinig ang malakas na pagkahulog ng isang buko sa puno malapit sa inuupuan niya. Pababayaang na lang sana niya ito, ngunit naulit iyon. Pagkatapos ay nagsunud-sunod ang mga bukong nalalaglag, kaya tumayo siya at lumapit sa puno para tingalain ito.

Namangha siya nang makita si Rey sa itaas ng puno na may dalang bolo at nasa aktong puputulin ang buko mula sa puno.

“Rey!” tawag niya.

Tiningnan siya nito at nginitian. Hindi na nito itinuloy ang pangunguha ng buko. Sa halip, itinago na nito ang bolo sa lagayan na nakasabit sa baywang nito at dali-daling bumaba.

Kahit na ‘Lewis’ ang first name ng lalaki, ang tawag daw ng karamihan sa mga kaibigan nito ay ‘Rey’ dahil noong elementary pa lang ito ay may kapangalan ito na ‘Lewis’. Kaya nasanay na ang binata na ‘Rey’ ang itinatawag dito. At dahil magkatunog din ang pangalan nila, mas mabuti nga na ‘Rey’ na rin ang itawag ni Louise sa lalaki upang hindi sila magkalituhan.

“Paano kang nakaakyat sa ganyang kataas na puno?” usisa niya.

“Di ko nga rin alam,” sagot nito na napakamot ng ulo. “Nakagat lang ako ng gagamba, ’tapos pagkagising ko, nakakaakyat na ako ng puno.”

“Spiderman, ikaw ba ’yan?” natatawang tanong niya dahil sa biro nito.

“Nagpaalam ako sa resort manager if I could try climbing their coconut trees and get some fresh buko,” imporma ng binata. “At pinahiram pa ako ng bolo.”

“I can’t believe it! Isang doktor, magaling umakyat ng mataas na puno ng buko,” amused na nasambit niya.

“Pero mas hindi ako makapaniwala na lahat ng mga historical dates ay kabisado mo, even showbiz weddings.”

Biglang napabaling ang tingin ng lalaki sa canvass na hawak niya.

“Nagpipinta ka ba para sa susunod mong calendar design?” usisa nito.

Tumango ang dalaga at ipinakita rito ang dagat na pinipinta niya.

“You really are a wonderful artist. You can recreate the wonders of nature with your own hands,” komento nito. She could see in his eyes that he was admiring her painting. “Kaya lang, parang I could sense sadness in this painting of yours,” dagdag nito. Ibinalik nito sa kanya ang painting. “Dahil ba sa paniniwala mong magtatapos na ang mundo ngayong 2012, kaya may kung anong kalungkutan ang ipinapahayag ng iyong sea painting?”

Nabanggit niya kay Rey nang nagdaang araw ang tungkol sa paniniwala niyang ito nang kumakain sila sa *Agua Grande Picnic Park*.

“Tsaka may kulang sa painting mo na ito ng *Blue Lagoon*. Hindi mo naisama ang isa pang magandang tanawin dito sa beach na ito,” anito.

“At ano naman iyon?”

“Ehem... ehem...”

“O, may ubo ka ba?” inosente niyang tanong.

Sa halip na sumagot, gumawa ng kung anu-anong macho poses si Rey.

“Ah,” nausal niya nang mapagtanto kung ano ang ibig sabihin nito sa isa pang *magandang tanawin*. “So, gusto mong ipinta rin kita?”

“Yes, Grandma Moses,” tugon ng binata habang patuloy pa rin ito sa paggawa ng iba’t ibang manly poses. Ang Grandma Moses na pinantukoy nito sa kanya ay isang sikat na pintor ng mga invitation cards sa Amerika, na ang tunay na pangalan ay Anna Mary Robertson Moses. “And I assure you, I am willing to be your exquisite subject.”

“Sige. Hawakan mo ang mga buko na iyan at itaas mo ang mga kamay mo,” utos niya.

Kinuha ni Rey ang mga buko at binuhat ang mga ito.

“Itaas mo pa ’yang mga kamay mo, masyadong mababa!”

Sinunod nito ang utos niya.

“Yan! Hold that pose!” nakangiting sabi niya. Nagsimula na siyang ipinta ang lalaki.

Halata sa mukha nito na nahihirapan ito sa posisyon dahil sa bigat ng mga buko na dala. But while he was having a hard time posing like a statue, Louise had a wonderful time exploring his god-like statue body and depicting its wonder on the canvass.

She was painting Rey’s chiseled body in great detail. With a paint brush in her hand, what she was doing wasn’t just painting. It was as if every muscle, nerve and blood was alive and flowing in her painting of his naked body.

“Louise, matagal pa ba?” Bakas sa boses nito ang paghihirap.

“Sorry ka, ginusto mo ’yan,” nakakaloko niyang sagot. “And I just can’t get enough of painting my exquisite subject.”

“Sige na, ngawit na ngawit na ang mga kamay ko...” pagmamakaawa nito na pilit pa ring itinataas ang mga buko na dala.

“Sige na nga.”

He did a much-needed stretch of his arms and legs and flexed his fatigued hands to ease the numbness it felt.

“Lalo yatang lumaki mga muscles ko! Ang bigat ng mga buko!” Pagkatapos ay dali-dali nitong nilapitan siya upang tingnan ang painting na ginawa niya. “Nice. P’wede mo nang ibenta ’to. Kikita ka nang milyon dito!” amused na saad nito habang tinitingnan ang painting. “Bigyan mo ako ng ten percent commission, ah. Nakakangawit pala maging model.”

“Oo naman. Maraming bibili nito. Gagawing panakot sa daga,” biro niya.

“Ibabalik ng buyer ’yan kung gan’un. Hindi raw kasi effective na panakot ng daga.”

“Akin na nga ’yan!” Kinuha niya ang painting mula sa kausap.

She had to admit that Rey was really an exquisite subject to be painted. Kahit siya ay hindi mapigilan ang tingnan nang tingnan ang painting niya ng lalaki.

He was right. She had painted one of the most beautiful sights in this beach in Pagudpud.

# 3

“Gusto mo ba akong samahang mamasyal ngayong araw?” taong ni Rey nang matapos silang kumain. Napagkasunduan nilang sabay na mag-agahan sa restaurant ng resort nang umagang iyon.

Natigilan si Louise sa paanyaya nito. Hinawakan nito ang kamay niya. Nadama niya ang init ng dampi ng palad nito sa kanya. Hindi niya kinalas ang kamay mula sa pagkakahawak ng binata. Tumingala siya rito at tumango, pagpapahayag ng pagpayag niya.

“Great! Now let us start exploring the wonders of Pagudpud!”

Nagrenta sila ng isang tourcycle at sila ay dinala niyon sa dagat kung saan matatagpuan ang *Bantay Abot Cave*.

Hindi naman talaga kuweba ang *Bantay Abot*. Sa halip, isa lamang itong munting bundok na may butas sa gitna. Pinasok nila ang butas kung saan bahagya silang nabasa dahil sa malakas na alon ng dagat na nakapasok doon.

Nagtawanan sila habang patuloy silang nababasa ng mga alon. Their laughter were echoing inside the

cave.

“Louise, nakikita mo ba ’yung malaking bato na ’yon?” ani Rey habang nakaturo ang daliri sa direksyon ng isang malaking tipak ng bato malapit sa baybayin ng dagat.

Tumango siya at napako na rin ang atensyon niya sa bato. Napansin niya na hugis-kampana iyon.

“*Timmangtang Rock* ang tawag doon,” impormano nito. “At ayon sa alamat ng mga Ilokano, *Bantay Abot Cave* and *Timmangtang Rock* were lovers.”

“Talaga?” Louise was intrigued by this piece of cultural information.

“Oo. This cave was the prince and that rock was the maiden. But they have a sad story dahil kailanman ay hindi sila pinaglapit ng tadhana. Ayun ang *Timmangtang*, hindi makagalaw at walang magawa kundi malungkot na tingnan ang kuweba na ito. And this *Bantay Abot Cave* is waiting for so long for someone to fill in this hole that would make his life complete,” kuwento ng binata.

Pagkatapos manggaling doon, sinabi ni Rey sa driver na dalhin sila nito sa *Kabigan Falls*. Makaraan ang mahigit na treinta minuto na biyahe, bumaba sila sa isang mountain trek entrance kung saan



magsisimula ang daan papunta sa talon.

Binayaran nito ang beinte pesos na entrance fee nila. May mga turista na tinitipon ng isang tour guide sa entrance. Ngunit nagtaka si Louise nang humiwalay sila ni Rey sa mga ito.

Marahil ay nakita nito ang pagtataka sa mukha niya kaya nginitian siya nito at sinabi, “I went here on my first day in Pagudpud. Kabisado ko na ang daan dito papunta sa talon, kaya magtiwala ka lang sa akin.”

He held out his hand and she reached for it. When their hands touched, she felt something thug at her heart. And the feel of his hand was electrifying.

Sa kanilang dinadaan, kaagad niyang natanaw ang malinis na ilog na payapang umaagos. Lalo tuloy siyang nasabik na makita ang mismong talon. Maputik ang daan at makailang beses din silang tumawid ng tulay sa tuwing mapapadaan sila sa bahagi ng ilog na malakas ang ragasa ng agos.

“Hindi ko pa pala naitatanong sa ’yo, bakit mo naisipang dito magbakasyon sa Ilocos?” ani Rey habang naglalakad sila.

“Dahil malapit nang mag-end of the world,” kaswal na sagot niya.

“Seryoso ka ba talaga sa dahilan mo?” There was a disbelief in his voice. Kahit nang sinabi niya rito noon sa *Agua Grande Picnic Park* ang paniniwala niya tungkol sa pagtatapos ng mundo ay hindi rin siya nito pinaniwalaan. “Naniniwala ka sa mga teorya ng Mayan na magugunaw na ang mundo sa taong ito?”

“Oo. Naniniwala ako sa end of the world ngayong 2012. Kaya nga palagay ko, bilang calendar maker, ito na ang huling taon na gagawa ako ng kalendaryo.”

“Bakit ba nasabi ng mga Mayan na ngayong taon na magtatapos ang mundo, aber?”

“Natagpuan ng isang American anthropologist ang isang Mayan calendar na hanggang December 21, 2012 lamang ang petsa.”

“At agad mong pinaniwalaan ang teorya na iyon? Baka naman nag-resign lang ang calendar maker ng Mayan, kaya hindi nito natapos ang kalendaryo,” pagbibiro nito.

“I do not expect you to believe me,” aniya. “Basta para sa akin, magugunaw na ang mundo ngayong taon.”

“Sige, sabihin nating magugunaw na ang mundo, pero bakit pinili mong gawin ang huling bakasyon ng buhay mo dito sa Pagudpud?”

“Because Pagudpud is in the northern most tip of Luzon. Nasa dulo ng Pilipinas. Dulo... end.”

“Hmm... May punto ka,” saad na lang nito.

Napadaan sila sa isang bukirin. Nadatnan nila ang isang magsasaka na nag-aararo ng lupa sakay ng kalabaw.

“Mang Armando!” tawag ni Rey sa lalaki habang kumakaway.

“Kilala mo siya?”

“Oo. Bumili ako ng alak sa kanya noong unang punta ko rito.”

At nakita nga ni Louise sa isang gilid ang makeshift table na may mga bote ng alak at may tarpaulin nakasulat na *Armando's Ilocos Wine. Made of Green Barley.*

Lumapit ang magsasaka sakay ng kalabaw nito. Nang makalapit ito sa kanila, bumaba ito sa hayop.

“Siyanga pala, Mang Armando, ito po si Louise, kaibigan ko.”

“Magandang araw po,” bati ni Louise dito.

Nginitian siya ng matandang lalaki.

“Napansin ko po, ang dami ninyong tanim na trigo, ah,” sabi niya.

“Ay, oo, Hija. Mabili kasi ang tinapay dito sa Pagudpud,” imporma ni Mang Armando. “Sa katunayan nga, may bago akong tinatanim na uri ng trigo ngayon na masarap na gawing tinapay man o alak.”

“P’wede pong gawing alak ang trigo?”

“Oo, Hija. Ang tawag doon ay malting,” saad nito. “At marahil ay nainom na ni Rey ang alak na binili niya sa akin kahapon na gawa sa trigo.”

“Hindi pa po, Mang Armando. Balak kong ipampasalubong iyon sa tatay ko pagkauwi ko ng Maynila,” anang binata.

Namangha si Louise sa bagong natuklasan. Ang akala niya kasi ay ubas lang ang puwedeng gawing alak.

“Bago kayo makarating sa talon, madadaan n’yo ang isang maliit na gusali na ginagawa kong malt house,” imporma pa ng kausap nila.

Sinundan nila sa paglalakad si Mang Armando at tumigil sila sa isang sulok ng bukirin kung saan nakatanim ang mga berdeng trigo.

“Ang tawag sa pananim na ito ay sebada,” pagbibigay-alam nito. “Masarap itong gawing alak.”

“Di po ba nakakasama sa kalusugan ang pag-inom ng maraming alak?” ani Louise.

“Oo, Hija, kung nasobrahan ka sa pag-inom nito. Pero hindi lang naman paggawa ng alak ang benepisyong sebada. Ang katas nito ay nakakagaling din ng iba’t ibang uri ng sakit. Kaya nga karamihan sa mga tao rito ay hindi madalas tumakbo sa mga doktor kapag nagkakasakit. Sa pag-inom lang ng katas ng sebada ay gumagaling na sila,” kuwento pa nito.

Nakita niya ang bahagyang pagsimangot ni Rey. Batid niyang nasaktan ang ego nito sa sinabi ng magsasaka tungkol sa hindi pagpapagamot ng mga tagaroon sa doktor. Hindi siguro alam ni Mang Armando na doktor ang binata.

Pagkatapos makipagkuwentuhan sandali ay nagpaalam na sila kay Mang Armando upang ipagpatuloy ang kanilang trekking papuntang talon. Nang mamataan nila ang isang maliit na sementadong gusali na malt house ng matanda ay nadama ni Louise na malapit na sila sa talon ng Kabigan.

Nagtatakbo siya nang narinig ang malakas na lagaslas ng tubig. Minasdan niya ang hiwaga at ganda

ng *Kabigan Falls*. Paupo na siya sa isang boulder upang simulang pintahin ang talon nang makita niyang nagtanggap ng t-shirt si Rey, tumakbo, at nag-dive sa tubig.

“Tara! Maligo ka muna! Mamaya ka na magpinta!” sigaw nito sa kanya.

Binitawan niya ang mga gamit at tumalon sa tubig. Nagbasaan sila at masayang naghabulan.

Bigla na lang, umulan nang bahagya. Umakyat sila sa boulder at muling tumalon.

When the drizzle stopped, a spectacular rainbow formed against the waterfall. Louise was awed by the wonders of nature unfolding right before her eyes.

“Rey, alam mo ba na sa dulo ng rainbow, matatagpuan mo raw ang pot of gold?” sabi niya sa binata.

“Oo. At sa palagay ko, natagpuan ko na ang akin.”

Unti-unti siyang nilapitan nito at hinalikan. At first the kiss was gentle, but when the sexual tension was building up, they both lost themselves and kissed each other passionately, intimately, and with longing. Oh, how Louise longed for that kiss from the man she

*Hanggang Wakas - Angela Pangilinan*

---

desired from the moment she first met him.